Nakashibetsu Town

# Pamphlet para sa pag-iwas sa sakuna para sa mga dayuhang residente

bersyon sa wikang Tagalog




Disaster Prevention Mascot Potato Riding Hood "Kikibo"

Inisyu sa Abril 2022


# Mga sakuna na nangyayari sa Japan ①



## Lindol at tsunami

**Lindol** **Malakas ang pagyanig ng lupa kapag may lindol.**

**Ang Japan ay bansa na napakaraming lindol.**



### "Mga gagawin kapag nasa bahay"

▶Mangyaring tumakbo muna sa ilalim ng mesa o desk, at protektahan ang iyong ulo at katawan.



▶Mangyaring kumilos pagkatapos ng pagyanig ng lupa.

▶Mangyaring magsuot ng sapatos o tsinelas upang maprotektahan ang iyong mga paa.



▶Mangyaring patayin ang apoy na ginagamit at i-OFF ang circuit breaker upang maiwasan ang sunog.

▶Mangyaring buksan ang mga bintana at pinto at mag-secure ng labasan.

▶Mangyaring huwag kaagad lumabas.



### "Mga gagawin kapag nasa labas"


▶Mangyaring lumayo sa mga gusali.



▶Mangyaring protektahan ang iyong ulo gamit ang iyong bag o libro.



▶ Kung ikaw ay nagmamaneho, mangyaring iparada ang iyong sasakyan sa kaliwang bahagi ng kalsada.



▶ Mangyaring iwan ang susi ng iyong sasakyan sa ignition at tumakas.

**Tsunami** **Pagkatapos ng lindol, maaaring may dumating na napakataas at mabilis na alon.**

▶Tinatangay ng tsunami ang mga gusali at sasakyan. Napakadelikado nito.



▶Kung ikaw ay malapit sa dagat o ilog, mangyaring umalis kaagad at tumakas sa malayo at mataas na lugar.

# Mga sakuna na nangyayari sa Japan ②



## Bagyo, baha, sakuna ng pagguho ng lupa, pinsala ng niyebe

### Bagyo

**Umiihip ang napakalakas na hangin.** **Maraming pag-ulan.**

#### "Mga pag-iingatan kapag may bagyo"



- ▶Mangyaring huwag lumabas.
- ▶Mapanganib ang dagat, ilog at bundok sa pagtaas ng tubig. Mangyaring huwag pumunta sa malapit nito.
- ▶Mangyaring ilagay ang mga bagay na maaaring matangay ng malakas na hangin sa loob ng iyong bahay.
- ▶ Maaaring mabasag ng malakas na hangin ang salamin ng bintana, kaya mangyaring huwag pumunta malapit dito.

### Baha


**Kapag malakas ang ulan, umaapaw ang tubig ng ilog.**



- ▶Mangyaring huwag pumunta malapit sa ilog dahil maaaring umapaw ang tubig sa ilog.
- ▶Maaaring mapunta ang tubig sa kalsada o sa loob ng bahay.
- ▶Maaaring hindi makapaglakad kapag may tubig na abot bukung-bukong.

### Pagguho ng lupa

**Maaaring may mahulog na lupa o mga bato mula sa bundok.**



- ▶Pagkatapos ng malakas na ulan, bagyo, o lindol, maaaring gumuho ang mga bundok. Mangyaring lumayo mula sa mga bangin.

### Kapag napunta ang tubig ng ilog, ulan, o lupa sa kalsada o sa loob ng bahay



- ▶Kapag mahirap maglakad sa kalsada, mangyaring tumakas sa mataas na lugar sa gusali.
- ▶Mangyaring lumikas sa silid sa ika-2 palapag o mas mataas pa at malayo sa bangin.

### Pinsala ng niyebe

**Iihip ang malakas na hangin at uulan ng maraming niyebe (snow).**



- ▶Hangga't maaari, mangyaring huwag lumabas hanggang sa huminto ang niyebe o hangin.
- ▶Mangyaring kumpirmahin kung hindi barado ng niyebe ang air supply at exhaust port ng sasakyan o ang air supply at exhaust port ng heater.

# Lumikas sa ligtas na lugar!



## Tinatawag na "evacuation" ang paglikas sa ligtas na lugar.

**[Mangyaring mag-evacuate sa mga sumusunod na pangyayari]**



▶Kapag nasiraan ng bahay.

▶Kapag sa palagay mo ay mapanganib ang manatili sa iyong bahay.

## Tungkol sa mga evacuation center (lugar na lilikasan)


▶Tinatawag na evacuation center ang lugar na paglilikasan.

▶Maaaring manatili rito overnight.

▶Maninirahan ka kasama ng maraming tao.

▶Mangyaring sundin ang mga patakaran ng evacuation center.

▶Mangyaring magtulungan ang bawat isa.






### Alamin ang evacuation center na malapit sa iyo.

**Maaaring alamin ang evacuation center sa website ng bayan na iyong tinitirahan. Isulat ang iyong mga nahanap na evacuation center.**


Website QR ng Nakashibetsu Town

**Malapit na evacuation center**

●**Tandaan ang mga sign ng lugar na lilikasan (evacuate).**


| | | |
|---|---|---|
| **Pansamantalang evacuation site (outdoor)** |  | Ito ang mga lugar kung saan unang lilikas kapag nagkaroon ng lindol. Ito ay mga malalawak na lugar tulad ng parke, paaralan, sports field, atbp. |
| **Itinalagang emergency evacuation site (outdoor)** |  | Ito ang pansamantalang evacuation site na may itinalagang evacuation center. Ito ay mga malalawak na lugar tulad ng sports field ng paaralan, atbp. |
| **Itinalagang evacuation center (indoor)** |  | Ito ang mga lugar kung saan magtitipon ang mga nasiraan ng bahay o mga nasa panganib ang bahay. Maaaring makakuha ng tubig at pagkain dito. |


# Paghahanda bago dumating ang sakuna ①





## Mga gagawin bago dumating ang lindol

### Loob ng bahay









- I-secure ang mga muwebles upang hindi matumba ang mga drawer at mga bookshelf.
- Lagyan ng anti-slip rubber ang mga TV upang hindi ito malaglag.
- Lagyan ng glass protective film ang mga bintana upang hindi kumalat ang salamin kahit mabasag ito.
- Mangyaring huwag maglagay ng malaking muwebles malapit sa iyong tinutulugan.
- Mangyaring huwag ilagay ang iyong kama malapit sa bintana.

### Labas ng bahay






- Kumpirmahin kung nasira ang block wall.
- Mangyaring huwag maglagay ng mga bagay sa paligid ng front door upang makatakas kaagad.


## Mga gagawin bago dumating ang bagyo, baha o pagguho ng lupa

### Loob ng bahay



- Lagyan ng masking tape o glass protective film ang mga bintana.

### Labas ng bahay



- Ilagay ang mga sampayan at mga paso sa loob ng bahay.

  Kapag umihip ang malakas na hangin, matatangay ng hangin ang mga bagay sa balkonahe o sa labas ng bahay.

- Linisin ang mga kanal at drainage.

  Ang mga kanal at drainage ay maaaring bahain ng ulan. Mangyaring linisin ito.



## Mga bagay na dala kapag lilikas
## (mga bagay na dadalhin kapag may emerhensiya)




●Ilagay ito sa backpack upang magamit mo ang iyong dalawang kamay.

*Backpack: Bag na lalagyan ng bagahe at bibitbitin sa iyong mga balikat

●Mangyaring siguraduhin na ito ay may bigat na madadala mo nang mag-isa.





☐Passport



☐Flashlilght




☐Radyo



☐Baterya




☐Makapal na gloves



☐Madalas gamitin na gamot




☐Tissue papers



☐Damit at damit na panloob




☐Mga mahahalagang bagay



☐Face mask





☐Tubig




☐Pagkain pang -emerhensiya



☐Whistle



☐Tuwalya



☐Kagamitan sa pagsulat

Kapag may maliit na bata





☐Paper diaper




☐Gatas

## Mga bahay na laging inihahanda (stockpile)

●Maaaring huminto ang kuryente, gas, at tubig sa iyong bahay.

●Maaaring sira ang drainage at hindi magamit ang banyo.

●Mangyaring maghanda upang makapanirahan sa bahay.


Bilang ng miyembro ng pamilya × 3L × 7 araw




☐Tubig (para sa 7 araw)





☐Pakain (para sa 7 araw)




☐Kalan



☐Portable toilet



☐Toilet paper

# Tungol sa impormasyon ng sakuna



## Kapag nais mong mangolekta ng impormasyon sa lindol, bagyo, atbp.

APP
I-download dito ▶▶
iOS
Android

### Safety tips

Ito ay convenient na app upang malaman ang impormasyon ng sakuna sa Japan.

APP
I-download dito ▶▶
iOS
Android

### Japan Official Travel App

Ito ay convenient na app sa pamamasyal sa Japan. Maaari din itong gamitin kapag may sakuna.

APP
I-download dito ▶▶
iOS
Android

### NHK WORLD-JAPAN

Pagpapadala ng balita mula NHK. Magbibigay din ng mga pang-emerhensiyang impormasyon sa lindol at tsunami.

WEB
Ito ang website
▶▶ https://www.data.jma.go.jp/multi/index.html?lang=ph

### Impormasyon ng sakuna ng Japan Meteorological Agency

Magbibigay ng impormasyon sa pag-iwas sa sakuna tulad ng panahon, lindol, tsunami, bulkan, karagatan, atbp., at kalagayan ng panahon.

## Kapag hindi magkaintindihan ng wika

### Multilingual Speech Translation App VoiceTra

Isasalin sa ibang wika ang iyong mga sinabi.

Inihahatid ng: National Institute of Information and Communications Technology (NICT)

APP
I-download dito ▶▶
iOS
Android

Ito ang website
▶▶ http://voicetra.nict.go.jp/

## Insidente, aksidente


### Pulis




Numero ng telepono **110**

## Sunog, emerhensiya, pagliligtas

### Fire department



Numero ng telepono **119**

## Saan kokonsulta kapag may problema

**Nakashibetsu Town Hall**

2-22 Maruyama, Nakashibetsu-cho, Shibetsu-gun, Hokkaido

TEL **0153-73-3111** FAX **0153-73-5333**